

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Tinapos ni Deloitte ang imbestigasyong pinahintulutan ng Konseho**

BRAMPTON, ON (Setyembre 29, 2021) – Nakumpleto ng independent investigator at forensic auditor na si Deloitte ang imbestigasyon nito sa mga alegasyon kaugnay ng administratibong asal, kabilang ang personal na mga usapin, na natanggap ng Konseho ng Lungsod ng Brampton noong Abril 22, 2021.

Bukod pa sa pagrepaso sa mga alegasyon, tinagubilinan ng Konseho ng Lungsod si Deloitte na magbukas ng isang walang pangalang portal para magbigay ng pagkakataon sa mga empleyado at mga residente na magsumbong ng anumang mga usapin kaugnay ng proseso o tauhan ng Lungsod.

Matapos ang komprehensibong imbestigasyon ni Deloitte, wala pang natuklasan na anumang labag sa batas na aktibidad o nagdidiskriminang kilos ng mga empleyado nito o ng third party na mga vendor.

Sa lahat ng pampublikong mga alegasyon na natanggap ni Deloitte, natuklasan ng report na nasunod ang lahat ng polisiya ng kumpanya maliban sa dalawang pagkakataon ng administratibong hindi pagsunod sa mga polisiya ng Lungsod at standard operating procedures sa antas ng Direktor, ang isa kaugnay ng kakulangan ng nakumpletong tendering form para sa umiiral na trabaho at ang iba kaugnay ng kakulangan ng isang limited na tendering form. Ang mga pagsisikap ng Lungsod ay kasalukuyang nagpapatuloy para i-automate ang mga aspeto ng proseso ng Pananalapi, na may layunin na bawasan ang mga panganib sa pagsunod na kaugnay ng dokumentasyon.

Ang buong mga natuklasan ni Deloitte kaugnay sa anim na mga bahagi ng imbestigasyon na itinagubilin ng Konseho ay binalangkas sa ibaba.

### **1. Mga gawain sa pag-hire**

Inimbestigahan ni Deloitte ang mga alegasyon ng hindi tamang pag-hire, na hindi napatunayan sa pagrepaso o kakulangan ng sapat na detalye para mas mag-imbestiga pa.

### **2. Mga isyu sa procurement**

Apat sa anim na kontratang inimbestigahan ni Deloitte ay nakatupad sa Ordinansa sa Pagbili at sa standard operating procedures. Tinukoy ni Deloitte ang isang pagkakataon ng hindi pagsunod sa mga polisiya ng Lungsod at sa standard operating procedures kaugnay ng kakulangan ng limitadong tendering form para sa ekstensyon ng umiiral na trabaho, at isa para sa kakulangan ng limitadong tendering form, kapwa sa antas ng Direktor.

### **3. Mga alegasyon ng diskriminasyon**

Hindi napatunayan ang mga alegasyon sa kilos na nagdidiskrimina o kulang sa sapat na ebidensya para mag-imbestiga pa.

#### 4. Pambu-bully at panggigipit sa lugar ng trabaho

Sa panahon nang tinapos ang imbestigasyon, walang narating na konklusyon kaugnay ng mga alegasyon na mga paglabag sa mga polisiya ng Lungsod at sa standard operating procedures na may bisa sa panahong iyon.

#### 5. Pagsira ng impormasyon

Hindi napatunayan ang mga alegasyon ng pagsira ng impormasyon.

#### 6. Standard na polisiya at pagsunod sa pamamaraan

Sa pagrepaso sa mga alegasyon ng hindi wastong pagbibigay ng sahod, hindi natukoy ni Deloitte ang anumang ebidensya ng pag-umento na ibinigay sa labas ng standard na proseso o kaya dahil sa paboritismo mula sa nauna nang umiiral na relasyon. Sa pagrepaso sa mga alegasyon ng hindi wastong paglipat ng empleyado, hindi natukoy ni Deloitte ang anumang mga paglabag sa polisiya.

Ang mga konklusyon na ito ay dagdag na suportado ng naunang mga pagrepaso sa usaping ito ng Ontario Ombudsman at ng Peel Regional Police.

Nagpapasalamat ang Lungsod sa bawat isa na nakipagtulungan sa imbestigasyon, kabilang ang staff at mga third party na vendor.

Ang report ni Deloitte ay makikita ng publiko sa [website](#) ng lungsod, at ang mga tanong tungkol sa mga nilalaman ng report ay dapat ipaabot kay Deloitte.

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca)

#### KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)